# LOLA MANGHUHULA
## (Mga tulang pambata)

**LOLA MANGHUHULA**

May lolang mananayaw, may lolang mang-aawit,
May lolang mga hayop at halaman ang hilig,
May lolang kuwentista at may lolang makata,
Subalit ang lola ko ay isang manghuhula!

Kapag gabi'y baraha ang lagi niyang hawak
O kaya'y binabasa ang aming mga palad.
Kahit araw, may sinding kandila at insenso,
Laging sumasangguni sa buwa't kalendaryo.

May iba't iba siyang mga bulong at dasal
At  may pakahulugan sa iba't ibang nunal.
Ang lagi niyang bilin, "Mag-ingat sa pagkilos
At baka masaktan mo ang duwende sa sulok."

Kaya niyang alamin, nilalaman ng isip
Batay sa mga suot, pagkilos o pagtitig.
Kaya kung iniisip na isa siyang bruha,
Mag-ingat, manghuhula ang kaharap mong lola!

**BILISAN MO!**

O, kapatid kong sanggol
Nang ikaw ay dumating,
Tila nagbuhol-buhol,
Buhay sa bahay natin.

Wala nang tumatawa
Sa wika kong baluktot,
Lahat nama'y masaya
Pag ikaw ay umutot.

Nang ako'y magkasugat,
Sabi nila, "Wala 'yan."
Nang ikaw ay umiyak,
Nagkagulo sa bahay.

Di sila nagagalit
Pag ayaw mong matulog.
Pag ayaw kong umidlip,
Sila'y sumisimangot.

"Ubusin ang pagkain,"
Lagi nilang pangaral
Ngunit di pinapansin
Ang tira mo sa pinggan.

O, mahal kong kapatid,
Bakit kaya ganito?
Dahil ika'y maliit?
Paglaki'y bilisan mo!

**MGA OYAYI NI BUNSO**

Tulog na po, aking tatay,
Ako po ay maglalaro.
Kanina pa naghihintay
Ang manikang itinago.

Tulog na po, aking nanay,
Bitiwan na po ang remote.
Ipahinga na ang kamay,
Ako po ang manonood.

Matulog na, aking ate,
At nananakam po ako
Natanggap mong tsokolate,
Hayun at dadalawin ko.

Matulog na, aking kuya,
Ikaw ay pagod na pagod.
Akin na ang iyong bola,
Ako naman ang magsu-shoot.

Tulog na po, lola’t lolo,
Handa na akong umidlip.
Ang inyong ikinuwento
Ay buhay sa panaginip.

**ANG SASAKYAN NI ATE**

Ang sabi ni Ate, “Ay! Bukas na bukas,
Aking hihintayin ang araw sa ulap.
Kaniyang paglibot, aking sasabayan
Hanggang makabalik sa ating tahanan.”

Sa buong umaga siya ay nag-isip
Kung ano’ng sasakyan, puwedeng magamit.
Dahil buong mundo ang dapat libutin,
Sasakyang espesyal ang dapat na gawin.

Kaniyang tinipon, mga lumang kahon,
Pati mga tablang dating itinapon.
Mga sirang damit, kortina at kumot,
Matiyaga niyang hinalu-halughog.

Naghanap din siya ng mga alambre,
Iba’t ibang lubid, pati mga kable.
Nagtabi rin siya ng mga pangkulay,
At mga pandikit na magpapatibay.

Sa buong maghapon siya’y nagtrabaho;
Ay! Kay ingay-ingay sa kaniyang k’warto.
Natahimik lamang nang ito’y matapos,
Ngumiting matamis at saka natulog.

Ngunit nang magising, siya ay nagulat;
Ang susundang araw, kanina pa sikat.
Sandaling nag-isip, sandaling nanamlay
At saka sinabi, “Buwan ang susundan!”

**LIHAM PARA KAY GINANG CRUZ**

Mahal na Gng. Cruz,

Kami po ay mga mag-aaral
Ng Seksiyon D, Ikatlong Baitang.
Lumiiham po kami dahil sa inyong anak,
Na sa aming klase ay sobrang pahirap.

Mahilig po siyang sumulat-sulat sa pisara,
Maglagay sa aming papel ng mga marka.
Lagi po siyang salita nang salita sa klase,
Lagi po siyang nakatayo at hindi mapakali.
Kapag may pagsusulit ay libot nang libot
At tinitingnan ang aming mga sagot.
Lagi po niya kaming kinakausap
Kahit  may prinsipal na sa harap.
Sa labas ng silid, pinagtatanim niya kami,
Laging nakabantay kapag recess at P.E.
At kapag malapit na po ang uwian,
Pinaglilinis kami ng aming mesa’t upuan.

Sana po ay inyong maintindihan
Ang ginawa naming pagliham.
Hindi po namin alam ang gagawin
Dahil siya ang guro namin.

**PATAWAD PO**

Patawad po kung pinulot ko
Ang mga kalat sa kuwarto,
At hindi iniiwang bukas,
Mga gripo’t ilaw sa labas.
Patawad din kung nakaligpit
Mga kubyertos na ginamit.
Ako po ang may kasalanan
Sa mga dilig na halaman,
Pagpapakain sa alaga,
At pagpapataboy sa daga.
Patawad po sa lahat-lahat,
Lalo na sa basong nabasag.

**NAGLUTO SI KUYA**

Minsa’y sinubok ni Kuya
Na magluto ng bibingka.
Ngunit nang ito’y ilabas,
Ay naku, lubhang kay tigas.

Bigo ang mga kutsilyo
Pati na rin ang martilyo,
Sumuko rin ang lagari
Na ito’y mahati-hati.

Pagkatapos ay gumamit
Kami ng katam at paet.
Lahat sila ay umiyak
At bibingka’y di natinag.

May sumubok ng palakol,
May sumubok din ng pison
Lahat sila ay yumuko
Sa tatag ng aming luto.

Ngayo’y mabentang-mabenta,
Mga bibingka ni Kuya,
Sa nagtatayo ng bahay
At gusaling matitibay.

**MAY PROBLEMA AKO**

Tila may problema ako,
Kailangan ko ng tulong.
Puwede bang sagutin mo
Ang lahat ng aking tanong?

Bakit biglang di magkasya
Ang paborito kong damit
At ang sarili kong kama
Ay tila biglang lumiit?

Bakit di na makapasok
Sa kabinet ng tokador?
Bakit parang lumulubog
Ang kutson sa aking talon?

Bakit hindi ko na gusto
Na tawagin akong beybi,
Na guluhin ang buhok ko't
Manggigil sa aking pisngi?

Sana ay agad sabihin
Ang lahat ng iyong sagot
Parang gusto nang piliin
Na pantalon ang isuot.

**MAG-INGAT SA SALAMIN**

Sa mga salami'y laging mag-iingat
At may gaya-gayang sa iyo'y haharap.

Hindi lang hitsura ang kayang gayahin;
Ang mga kilos mo'y kayang baligtarin.

Kaliwang kamay mo ay magiging kanan
Pati ang pagpihit ng iyong katawan.

Kaya ang paggalaw ay nakalilito
At di na malaman kung alin ang wasto.

Kaya mag-iingat sa mga salamin
Baka pangalan mo ay baligtarin din.

**KAY INIT!**

Ay, kung ako ay may pera,
Bibilhin ko ang Alaska
At sa mga yelo nito
Ay magpapadulas ako.

Paborito kong laruan
Ay kayang-kaya kong iwan
Kung mayroong halo-halo
Na aking maisusubo.

Tanggapin kong matalo
Sa piko o patintero
Basta’t ako’y makasilong
Kahit sira na ang payong.

Hindi ko na papansinin
Ang panunukso sa akin
Basta mapigilan lamang
Ito aking pagkatunaw.